**ACTIVITY SHEET**
**EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 1**
**QUARTER 2-MODULE 4**

Pangalan: ________________________________________________ 1-__________________

**Pagiging Matapat sa Pamilya at sa Kapuwa sa Lahat ng Pagkakataon**

Activity No.1

**Panuto:** Basahin ang pangungusap sa ibaba. Lagyan ng tsek (/) ang bilang ng pangungusap na nagpapakita ng pagiging matapat at ekis (X) kung hindi.

____ 1. Nais ni Jed na magpunta sa bahay ng kaniyang kaklase upang gawin ang kanilang proyekto sa Araling P anlipunan. Nagpaalam siya sa kanyang mga magulang at ipinaliwanag kung bakit siya pupunta sa bahay ng kaniyang kaklase.

____ 2. Si Dino ay umaalis na hindi nagpapaalam sa kaniyang mga magulang upang manood ng basketball sa parke.

____ 3. Inimbitahan ni Mika si Nina na dumalo sa kaniyang kaarawan. Ipinagpaalam niya si Nina sa mga magulang nito.

____ 4. Gustong magpunta ni Alfred sa ilog. Nagpaalam siya sa kaniyang Nanay subalit hindi ito pumayag. Hindi na nagpumilit si Alfred, bagkus ay gumawa na lamang siya ng kaniyang takdang-aralin.

____ 5. Kahit kasalukuyan ang paglilinis sa bahay, umaalis si Ben para makipaglaro sa mga kaibigan na hindi nagpapaalam.

Activity No. 2

**Panuto:** Iguhit sa loob ng kahon kung paano mo maipapakita ang pagiging matapat sa lahat ng oras sa iyong magulang/nakatatanda o iba pang kasapi ng inyong mag-anak. Kulayan ito. (Gawin sa bond paper)

Pangalan at Lagda ng Magulang: ______________________

LIVEWORKSHEETS